



## **Mga Madalas Itanong tungkol sa Bakuna Laban sa COVID-19**

Na-update nitong Enero 25, 2021

Gumawa ang mga taga-California ng mga pambihirang sakripisyo upang matulungan na pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Paparating na ang tulong habang sinisimulan ng Estado ang paglulunsad nito ng ligtas at mabisang mga bakuna laban sa COVID-19. Ang mga pagsisikap sa pagbabakuna ng California ay pinamumunuan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH). Ang mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa bakuna at i-a-update habang nagkakaroon ng karagdagang impormasyon.

### **Q1. Nakatanggap na ba ang California ng mga bakuna laban sa COVID-19?**

A1. Oo. Nagsimula nang makatanggap ang California ng mga pagpapadala ng mga bakuna laban sa COVID-19 na gawa ng PfizerBioNTech at Moderna. Sinusuri ng pederal na Pangangasiwa ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ang iba pang mga potensyal na bakuna para sa posibleng pag-apruba.

### **Q2. Anong impormasyon ang makukuha tungkol sa mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna?**

A2. Ang bakunang Pfizer-BioNTech ay nakatanggap ng pahintulot para magamit sa mga taong 16 na taong gulang pataas. Mayroong dalawang dosis na ibinibigay nang may 21 araw ang agwat. Ito ay 95 porsyentong epektibo laban sa COVID-19 isang linggo pagkatapos ng pangalawang dosis. Ang bakunang Moderna ay nakatanggap ng pahintulot para magamit sa mga taong 18 taong gulang pataas. Mayroong dalawang dosis na ibinibigay nang may 28 araw na pagitan. Ito ay 94 na porsyentong epektibo laban sa COVID-19 dalawang linggo pagkatapos ng pangalawang dosis.

### **Q3. Ano ang mga benepisyo kapag nabakunahan?**

A3. Ang Bakuna ng Pfizer-BioNTech ay para sa mga taong 16 na taong gulang pataas. Ang Bakuna ng Moderna ay para sa mga taong 18 taong gulang pataas. Alam ng taong magtuturok sa iyo ng bakuna kung ano ang tama.

**Q4. Maaari ba akong mabigyan ng COVID-19 ng bakuna?**

A4. Hindi. Ang kasalukuyang pinahintulatang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi naglalaman ng live na COVID-19 na virus. Samakatuwid, hindi ka maaring magkasakit ng COVID-19 mula sa mga bakuna. Ang layunin ng mga bakuna ay maturuan ang ating mga immune system kung paano labanan ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang mga bakuna laban sa COVID19 ay hindi rin magdudulot sa iyo na maging positibo sa mga COVID-19 na mga viral test, na ginagamit upang makita kung mayroon kang kasalukuyang impeksyon sa COVID-19.

**Q5. Ligtas ba ang mga bakuna laban sa COVID-19?**

A5. Oo. Ang mga bakuna ay nakatanggap ng isang emerhensyang pahintulot sa paggamit mula sa FDA. Bilang karagdagan, ang California ay mayroong sariling Scientific Safety Review Workgroup. Kinumpirma ng mga dalubhasang kasapi ng Workgroup na ito na natugunan ng mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ang mataas na mga pamantayan para sa kaligtasan at pagiging epektibo.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng bakuna ay makikita sa website ng CDC: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety.html>

**Q6. Mayroon bang anumang mga side effect ang mga bakuna?**

A6. Ang anumang bakuna kung minsan ay maaaring maging sanhi ng pananakit ng braso, pananakit ng kalamnan, pagkapagod o lagnat sa loob ng mga ilang araw pagkatapos mabakunahan, ngunit ang mga pansamantalang epekto ay hindi nakakasama. Gayunpaman, ipinahiwatig ng CDC na hindi dapat mabakunahan ang ilang mga indibidwal. Maaari mong makita ang higit pang impormasyon tungkol sa patnubay ng CDC dito: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/allergic-reaction.html>

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin tungkol sa mga side effect, allergic reaction, at/o iba pang mga katanungan, mangyaring talakayin ang mga ito sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan bago tumanggap ng bakuna para sa COVID-19.

**Q7. Sino ang mga unang babakunahan?**

A7. Noong unang bahagi ng Disyembre 2020, naglabas ang CDPH ng paunang plano nito sa pamamahagi ng bakuna. Hinati ng Plano ng Pagbabakuna ng California ang pamamahagi ng bakuna sa tatlong yugto: Phase 1a, 1b, at 1c. Mayroong mga antas sa loob ng bawat yugto, tulad ng ipinaliwanag sa ibaba.

Ang mga alituntunin sa mga Yugtong ito ay makikita dito:

- <https://covid19.ca.gov/tl/vaccines>
- <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/CDPH-Allocation-Guidelines-for-COVID-19-Vaccine-During-Phase-1A-Recommendations.aspx>

Ang mga prayoridad para sa mga bakuna sa Phase 1a ay ang:

1. Mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at kawani ng pangmatagalang pangangalaga na malamang na malalantad sa COVID-19 sa pamamagitan ng direkta o hindi direktang pakikipag-ugnay sa mga pasyente o residente; at
2. Mga residente ng mga lugar para sa pangmatagalang pangangalaga dahil mas malamang na ma-ospital o mamatay sila mula sa COVID-19.

Kabilang sa mga pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan at pangmatagalang pangangalaga ang: matinding pangangalaga (acute care), saykayatriko at koreksyonal na pasilidad na mga ospital at mga pasilidad ng propesyonal na pangangalaga, mga pasilidad para sa tinutulungang pamumuhay, at mga katulad na lugar para sa mga mas nakatatanda o madaling mahawahang mga indibidwal. Ang mga pinaglilingkuran ng sentrong panrehiyon na naninirahan sa mga lisensyadong pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga at ang mga kawaning may direkta o hindi direktang pakikipag-ugnay sa mga residente ng mga pasilidad na iyon ay nasa unang prayoridad, Phase 1a, na grupo ng pagbabakuna. Kasama dito ang mga indibidwal na naninirahan sa Mga Pasilidad para sa Propesyonal na Pangangalaga, Mga Pasilidad para sa Intermediate Care, Mga Pasilidad para sa Paninirahan ng Matatanda na may Espesyal na mga Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan (Adult Residential Facilities for Persons with Special Health Care Needs, ARFPSHN) at iba pang mga lisensyadong pasilidad ng paninirahan.

Sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa mga patnubay para sa Phase 1b at 1c, ang CDPH ay kumukonsulta sa isang pangkat ng mga dalubhasa, ang Drafting Guidelines Workgroup, at isang pangkat ng mga kinatawan ng komunidad, ang Community Vaccine Advisory Committee, upang matiyak na nabibigyan ng maaayos na pagpaprayoridad ang mga bakuna. Matapos ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at mga residente ng pangmatagalang pangangalaga, ang susunod na mga taong mababakunahan ay ang mga indibidwal na may mas mataas na panganib na magkaroon ng matinding sakit o mamatay (dahil sa edad o iba pang mga kadahilanan), na hindi makapagtrabaho sa bahay, na nakatira o nagtatrabaho sa mga lugar na naapektuhan nang lubos, o sino man na malamang na magkakalat ng sakit sa ibang mga manggagawa o sa publiko. Sa kinalaunan ng 2021, ang karamihan sa mga taga-California ay magkakaroon ng pagkakataon na mabakunahan.

Ang higit na impormasyon tungkol sa mga prayoridad para sa pangangasiwa ng bakuna ay matatagpuan dito:

<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/COVID-19Vaccine.aspx>

#### **Q8. Kailan ako mababakunahan?**

A8. Nakikipagtulungan ang California sa mga kasama sa komunidad at mga stakeholder upang makatulong na gabayan ang proseso ng pagpapalano at matiyak na ang bakuna ay ipinamamahagi at pinangangasiwaan nang patas. Nakatuon ang California sa isang patas at pantay na proseso ng paglalaan at pamamahagi. Walang dapat na humakbang sa itinaguyod na proseso ng paglalaan at pamamahagi ng bakuna. Ang mga kagawaran ng kalusugan ng county ay responsable para sa pangangasiwa ng bakuna laban sa COVID-19 na naaayon sa mga prayoridad ng Estado. Dahil ang bilang ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at ang bilang ng mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga ay magkakaiba sa bawat lalawigan, ang pagtitiyempo ng pangangasiwa ng pagbabakuna sa bawat county ay maaaring magkakaiba rin. Ang mga sentrong panrehiyon ay nakikipagtulungan sa mga opisyal sa kalusugan ng county tungkol sa mga lokal na plano sa pagbabakuna ng mga residente at kawani na nakatira o nagtatrabaho sa mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga planong iyon, mangyaring makipag-ugnay sa iyong sentrong panrehiyon.

#### **Q9. Kailan makakatanggap ng bakuna ang mga tagapagkaloob na naglilingkod sa mga konsumidor sa sentrong panrehiyon?**

A9. Maraming mga tagapagkaloob na nagtatrabaho sa mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga ay masasaklaw sa Phase 1a ng pangangasiwa ng bakuna. Kabilang sa Tier 1 ng yugtong ito ang: matinding pangangalaga (acute care), mga saykayatrikong ospital, mga pasilidad para sa propesyonal na pangangalaga, mga pasilidad para sa tinutulungang pamumuhay, at mga katulad na lugar para sa mga mas matatanda o madaling mahawahang mga indibidwal. Tulad ng nabanggit sa itaas, kasama sa kategoriyang "mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga" ang mga pasilidad ng paninirahan na naglilingkod sa mga konsumidor sa sentrong panrehiyon, kasama ang: ARFPSHN, Enhanced Behavioral Supports Homes, at iba pang mga lisensyadong pasilidad ng paninirahan.

Kabilang sa Phase 1a, Tier 2 ng pangangasiwa ng pagbabakuna ang mga kawani at residente ng mga sumusunod:

- Ang mga pasilidad para sa intermediate care para sa mga taong nangangailangan ng hindi tuloy-tuloy na pagsubaybay ng nars at pansuportang pangangalaga at iba pang mga lisensyadong pasilidad ng paninirahan ng mga matatanda.

Kabilang din sa Phase 1a, Tier 2 ng pangangasiwa ng pagbabakuna ang sumusunod na mga manggagawang pangkalusugan ng komunidad: Pangangalaga sa kalusugan sa bahay at mga pansuportang serbisyo sa loob ng bahay

- Mga manggagawang pangkalusugan ng komunidad, kabilang ang mga promotora
- Mga serbisyo sa suportadong pamumuhay
- Mga Ahensya para sa Pampamilyang Tahanan at mga kontratista
- Mga Pasilidad Pangkalusugan para sa mga Sama-samang Naninirahan
- Mga indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo sa loob ng bahay tulad ng mga respite worker, tagapagkaloob ng applied behavioral analysis, mga kawaning nagbibigay ng pagsasanay para sa pamumuhay nang mag-isa, at mga kawaning nagbibigay ng mga serbisyong Early Start.

**Q10. Karapat-dapat ba sa pagbabakuna ang mga kawaning nagtatrabaho sa pamamagitan ng tagapagkaloob ng serbisyo sa suportadong pamumuhay?**

A10. Oo. Ang mga kawani na nagtatrabaho sa pamamagitan ng tagapagkaloob ng serbisyo sa suportadong pamumuhay ay kasama bilang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng komunidad.

**Q11. Makatanggap ba ng pagbabakuna ang sinumang kawani ng sentrong panrehiyon sa yugtong ito?**

A11. Ang mga kawani ng sentrong panrehiyon na may direktang pakikipag-ugnay sa mga konsumidor at pamilya at nagbibigay ng mga sumusunod na serbisyo: pagsubaybay at katiyakan ng kalidad, pagtanggap at pagsusuri, koordinasyon ng serbisyo, koordinasyon sa gumagamit ng dalawang wika, at klinikal na kawani ay makatanggap ng bakuna sa Phase 1a, Tier 2. Tutukuyin ng bawat sentrong panrehiyon ang mga karapat-dapat na kawani.

**Q12. Karapat-dapat bang makatanggap ng pagbabakuna sa yugtong ito ang sinumang mga tagapag-alaga na kapamilya ng mga konsumidor sa sentrong panrehiyon?**

A12. Ang mga tagapag-alagang miyembro ng pamilya na may panganib na malantad at na nag-aalaga sa mga konsumidor sa sentrong panrehiyon na may mataas na panganib sa mga kumplikasyon ng COVID-19 at mga kaugnay na pagkamatay kabilang ang mga sumusunod na kondisyon: cerebral palsy, down syndrome, epilepsy, at mga indibidwal na may espesyal na mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang umaasa sa mga ventilator, oxygen, at iba pang teknolohiya.

Upang maipakita na ikaw ay isang miyembro ng pamilya na karapat-dapat para sa bakuna bilang isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, maaari kang kumuha ng dokumentasyon mula sa iyong sentrong panrehiyon, na nagpapatunay ng nagkakwalipikang kondisyon ng iyong miyembro ng pamilya. Bilang alternatibo, maaari kang magpresenta ng mga medikal na dokumento tungkol sa nagkakwalipikang kondisyon ng miyembro ng iyong sambahayan na konsumidor sa sentrong panrehiyon.

### **13. Sapilitan ba ang pagbabakuna?**

A13. Hindi. Walang sapilitang kinakailangan na pagbabakuna mula sa alinman sa estado o pederal na pamahalaan. Bagaman ang mga dosis ng bakuna ay magiging limitado ang supply sa simula, inaasahan namin na sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga taga-California tungkol sa kaligtasan at pagiging epektibo ng bakuna laban sa COVID-19, maaari naming mahikayat ang kusang-loob na pagtanggap ng bakuna.

### **Q14. Kailangan ba ng pahintulot upang makatanggap ng bakuna?**

A14. Oo. Kailangan ang pahintulot upang makatanggap ng bakuna.

### **Q15. Sino ang maaaring magbigay ng pahintulot para sa mga konsumidor sa sentrong panrehiyon?**

A15. Ang pahintulot para sa mga konsumidor sa sentrong panrehiyon ay ibinibigay ng indibidwal na kayang gumawa ng mga medikal na desisyon. Maaaring kabilang dito ang:

- Isang nasa hustong gulang na konsumidor sa sentrong panrehiyon. Karamihan sa mga konsumidor ay may karapatan at kakayahang gumawa ng kanilang sariling mga desisyon tungkol sa pangangalagang medikal. Dapat bigyan ang mga konsumidor ng mga kinakailangang akomodasyon na nauugnay sa kapansanan. Maaaring humingi ng tulong ang konsumidor mula sa isang miyembro ng pamilya o ibang indibidwal na pinagkakatiwalaan nila. Minsan ito ay tinatawag na suportadong paggawa ng desisyon. Sa ilalim ng batas ng estado (Welfare & Institutions Code §4541 (a) (1-3)), ang State Council on Developmental Disabilities ay maaari, kung humiling ang konsumidor, na maghirang ng isang awtorisadong kinatawan upang matulungan ang indibidwal na magpasya. Ang isang kahilingan para sa isang awtorisadong kinatawan ay maaaring magawa sa pamamagitan ng [council@scdd.ca.gov](mailto:council@scdd.ca.gov).
- Mga magulang o legal na tagapag-alaga ng mga menor de edad na bata.
- Mga indibidwal na pinahintulutan na gumawa ng mga desisyon sa ilalim ng isang Durable Power of Attorney for Healthcare.



- Konserbador ng mga nasa hustong gulang, kung ang utos ng korte sa pagkakaroon ng konserbador ay nagbibigay sa konserbador ng karapatang gumawa ng mga pagpapasya sa paggagamot.
- Sa limitadong mga kalagayan, isang ehekutibong direktor ng sentrong panrehiyon o itinalaga kapag walang kapasidad na magbigay ng pahintulot ang konsumidor at walang ibang tao ang awtorisadong gumawa ng mga desisyon.

**Q16. May gastos ba upang makatanggap ng bakuna?**

A16. Ang mga bakuna ay makukuha nang walang bayad. Ang mga bakunang binili gamit ang dolyares ng mga nagbabayad ng buwis ng Estados Unidos ay ibibigay sa mga mamamayang Amerikano nang libre.

**Q17. Pagkatapos kong makatanggap ng bakuna, kailangan ko bang magsuot ng maskara at sundin ang iba pang mga protokol sa kaligtasan?**

A17. Oo. Ang mga taong nabakunahan ay dapat na manatiling nagsusuot ng maskara, naghuhugas ng kamay at nagpapanatili ng distansya sa kapwa na anim na talampakan ang layo mula sa ibang tao hanggang sa malawakang naisagawa ang pagbabakuna.

**Q18. Paano mapoprotektahan ang aking pagkapribado kung magpabakuna ako?**

A18. Mahigpit na nililimitahan ng batas ng California kung paano maibabahagi ang personal na impormasyon tungkol sa mga nabakunahan. Nakipag-ayos ang California sa pederal na pamahalaan upang limitahan ang kinakailangang pagbabahagi ng data sa impormasyon lang na hindi magpapahintulot na makilala ang isang indibidwal.

**Q19. Saan ako makakahanap ng iba pang impormasyon tungkol sa Bakuna laban sa COVID-19?**

A19. Pinangungunahan ng CDPH ang mga pagsisikap ng California sa pagbabakuna. Ang impormasyon tungkol sa mga bakuna ay makikita sa website ng CDPH:

- <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/COVID-19Vaccine.aspx>
- <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/CDPH-Allocation-Guidelines-for-COVID-19-Vaccine-During-Phase-1A-Recommendations.aspx>

Maaari mo ring tawagan ang COVID-19 Hotline para sa buong Estado: (833) 422-4255 o (833) 4CA-4ALL.

Ang CDC ang nangangasiwa ng pederal na impormasyon tungkol sa bakuna. Ang impormasyon tungkol sa mga bakuna ay makikita sa website ng CDC: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/faq.html>

**Q20. Magbibigay ba ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna?**

A20. Oo. Habang nagkakaroon ng mga karagdagang impormasyon, i-update ng Kagawaran ang mga FAQ na ito sa aming website, sa link na ito: <https://www.dds.ca.gov/corona-virus-information-and-resources/frequently-asked-questions/>

Dapat makipag-ugnay ang mga konsumidor, miyembro ng pamilya at tagapagkaloob sa kanilang lokal na sentrong panrehiyon o sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga katanungan na may kaugnayan sa mga pagbabakuna. Ang isang listahan ng mga sentrong panrehiyon ay makikita dito: <https://www.dds.ca.gov/rc/listings/>.

Maaaring idirekta ang mga karagdagang tanong sa [DDSC19@dds.ca.gov](mailto:DDSC19@dds.ca.gov).

